



Neighbours, Friends & Families
Immigrant & Refugee Communities



PAGTULONG SA MGA BABAE NA HUMANAP NG TULONG SA PANG-AABUSO


**Paano tutulungan ang mga babaeng
imigrante at refugee na nasa
mapang-abusong relasyon**

Maaaring maraming dahilan kung bakit nananahimik ang mga babaeng nasa komunidad ng imigrante, refugee at mga etniko-kultural tungkol sa pang-aabusong nararanasan nila. Kung mapansin mo ang mga senyales ng karahasan sa isang kaibigan, miyembro ng pamilya o kapitbahay, humanap ng oras para kausapin siya tungkol dito kapag siya ay kalmado at nag-iisa. Ipaalam sa kanya na mayroong mga serbisyong maaaring sumuporta sa kanya at makatulong na mapanatili siyang ligtas.



Sa maraming kaso ng pang-aabuso, nagbibigay ang abuser ng maling impormasyon tungkol sa kung ano ang mangyayari kapag iniwan siya ng babae. Maaaring sabihin ng abuser na ang mga kanlungan ay mga lugar ng prostitusyon. Maaaring ding sabihin nito na kapag iniwan siya ng babae, kukunin ng mga otoridad na nangangalaga sa mga bata ang kanyang mga anak at hindi na niya muling makikita ang mga ito. Ito ang paraan ng abuser ng pagkokontrol sa babae.

Maaari mo siyang tulungan sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng mga tungkulin ng mga tagapagbigay ng serbisyo, mga kanlungan at mga otoridad na nangangalaga sa mga bata.



Mga Ahensya ng Komunidad

Ang ilan sa mga ahensya ng komunidad ay may mga espesyal na serbisyo para sa mga naaabusong babae kabilang na ang pagpapalano ng kaligtasan, pagpapayo para sa kalusugan ng isip, at pagbibigay ng mga referral. Kung nais niyang pumunta sa tagapagbigay ng serbisyo na maaaring makatulong sa kanya, maaari mong tawagan ang **Assaulted Women's Helpline sa 1-866-863- 0511**. Nagbibigay sila ng mga impormasyon tungkol sa mga lokal na resource, anumang oras, anumang araw. Nagbibigay din sila ng payo at impormasyon sa higit sa 154 na wika at kumpidensyal ang anumang sasabihin mo sa kanila.

Maaaring tumawag ang mga babaeng Francophone at nagsasalita ng Pranses sa Fem'aide nang libre sa 1-877-336-2433 upang makakuha anumang oras nang di nagpapakilalang pagpapayo tungkol sa krisis at mga serbisyo ng pagrerekomenda.



Mga Kanlungan


Ang mga kanlungan ay mga pansamantalang tirahan para sa mga babaeng umalis sa mga mapang-abusong relasyon, kasama ang kanilang mga anak. Isang uri ng kanlungan ang nagbibigay ng tirahan para sa krisis at emerhensya at ang isa naman ay nagbibigay ng "transisyunal" na mga kanlungan na nagbibigay ng mas matagal na pananatili (6 na buwan hanggang 2 taon). Ang mga kanlungan ang tumutulong sa mga babae na malaman ang mga sistema ng serbisyo ng hukuman, pulis at lipunan upang magkaroon ng access sa suporta hal. pagpapabilis sa mga utos ng proteksyon, access sa tirahan, at iba pang mga resource na pangkalusugan, pampinansyal at pampamilya.

Maaaring mag-alala ang mga ibabaeng imigrante at refugee na ang mga serbisyo ay wala sa kanilang pangunahing wika, ngunit ang mga kanlungan sa Ontario ay mag-aayos ng mga tagasalin ng wika. Gayundin, karamihan sa mga kanlungan ay may mahigpit na tagubilin sa kaligtasan tungkol sa kung sino ang maaaring pumasok at pinapanatiling kumpidensyal ang mga lokasyon upang

mapangalagaan ang kaligtasan ng babae. Nagkakapareho ang mga kanlungan sa paraan kung paano pinapanatiling ligtas ang mga babae sa mga dormitoryong pang-estudyante sa mga paaralang pambabae na nasa marami sa kanilang mga bansang pinagmulan.

Sa karaniwan, hindi isinaalang-alang ang estado bilang migrante kapag nagbibigay ng mga serbisyo sa mga babae, ngunit parating mas mainam na ideya na kumonsulta sa abogado bago humingi ng anumang serbisyo.

Maaari kang humanap ng malapit na kanlungan sa website na ShelterSafe sa <https://sheltersafe.ca/> o tumawag sa Assaulted Women's Helpline.



Mga Samahang Tumutulong sa mga Bata

Ang mga samahang tumutulong sa mga bata, ay responsable sa pag-iimbestiga ng mga ulat o ebidensya ng pang-aabuso o pagpapabaya sa mga batang mas mababa ang edad sa 18, at kung kinakailangan, gumagawa ng mga hakbang upang mapangalagaan ang mga bata. Malaking bahagi ng mga bata at pamilya na kasali sa Mga Samahang Tumutulong sa mga Bata ang nakakatanggap ng mga serbisyong nangangalaga at sumusuporta sa mga bata habang nananatili silang kasama ang kanilang mga pamilya sa komunidad. Gayunpaman, ang bawat kaso ay kakaiba kung kaya't mas mainam na kumonsulta sa abogado o tagapagbigay ng serbisyo sa komunidad.



Legal na Tulong

Maaari mo siyang sabihan na tumawag sa Legal Aid Ontario. Magbibigay ang mga abogado ng dalawang oras na libreng pagpapayo sa sinumang babae na namumuhay sa isang mapang-abusong sitwasyon, anuman ang kanyang estado bilang migrante.

Maaari mong tawagan nang libre ang 1-800-668-8258 mula saanman sa Ontario.



Medikal na Tulong

Kung labis na nasaktan ang babae, maaari siyang pumunta sa isa sa 35 ospital sa buong Ontario na may **Ontario Network of Sexual Assault/Domestic Violence Treatment Centres (Network ng mga Sentrong Pagamutan para sa Sekswal na Pagsalakay/Karahasan sa Bahay).**



Ang bawat sentro ay may espesyalisadong grupo ng mga doktor, nars at tagapayo na nagbibigay ng mga pang-emerhensyang medikal na panggagamot at suportang pang-emosyon sa lahat ng mga taong nakaranas ng sekswal na mga pagsalakay o karahasan sa bahay. Ang kanilang mga serbisyo ay kumpidensyal at walang bayad. Magbibigay sila ng tagasalin ng wika para sa mga babaeng hindi nagsasalita ng Ingles.

Ang pinakamainam na paraan upang makahanap ng sentrong malapit sa iyo ay sa pamamagitan ng pagbisita sa kanilang website o maaari mong tawagan ang Assaulted Women's Helpline sa 1-866-863-0511 para sa impormasyon.

Pulis

Maaaring naisin din ng naaabusong babae na ireport ang insidente sa pulis. Humiling ng opisyal na espesyalisado sa pang-aabuso sa babae, dahil ang impormasyon ay maaaring magresulta ng pagsampa ng kaso.

Maaari din niyang tanungin ang mga pulis tungkol sa pagbibigay ng panic button o ng cellphone na maaari niyang itago mula sa kanyang karelasyon.

Kung may emerhensya o kung may sitwasyong nagbabanta sa buhay, tawagan ang 911.

For more information about culturally responsive and language-specific services provided for immigrant and refugee women, please visit the websites of the participating partners.

COSTI Family and Mental Health Services www.costi.org

Abrigo Centre www.abrigo.ca

Afghan Women's Organization afghanwomen.org

Community Family Services of Ontario www.cfso.care

For You Telecare Services www.futfs.org

Kababayan Multicultural Centre www.kababayan.org

Settlement Assistance & Family Support Services www.safss.org

TESOC Multicultural Settlement Services www.tesoc.org

Ang lahat ay may papel na dapat gampanan upang matigil ang pang-aabuso sa mga babae.

Para sa mas marami pang impormasyon at mga resource tungkol sa pagtulong sa mga babaeng imigrante o refugee na namumuhay sa mapang-abusong sitwasyon, bisitahin ang www.immigrantandrefugeenff.ca

COSTI Immigrant Services would like to thank Abrigo Centre, Afghan Women's Organization, Community Family Services of Ontario, COSTI Family and Mental Health Services, For You Telecare Services, Kababayan Multicultural Centre, Settlement Assistance & Family Support Services, and TESOC Multicultural Settlement Services.

**This project is funded by
the Government of Ontario.**

